

Discover • Understand • Apply

BIBLE STUDY

Daniel 3:1-30

SMALL GROUP SESSIONS

Mayo 29-June 04, 2022

 Kamuning Bible Christian Fellowship



Daniel 3:1-30

Mahalagang Prinsipyo sa Buhay




PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON




Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

Iniutos sa Lahat na Sumamba sa Rebutong Ginto

1 Si Haring Nebucadnezar ay nagpagawa ng rebutong ginto na dalawampu't pitong metro ang taas at may tatlong metro naman ang lapad. Ipinatayo niya ito sa kapatagan ng Dura sa lalawigan ng Babilonia. 2 Pagkatapos, ipinatawag niya ang mga pinuno ng mga rehiyon, mga pinuno ng mga hukbo, mga gobernador ng mga lalawigan, mga tagapayo, mga ingat-yaman, mga hukom, mga mahistrado at iba pang mga pinuno ng kaharian, para sa pagtatalaga sa nasabing rebulto.



Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

3 Nang nasa harap na sila ng rebulto, 4 malakas na ipinahayag ng tagapagbalita, "Iniuutos sa lahat ng tao, mula sa lahat ng bansa at wika, 5 na lumuhod at sumamba sa rebultong ipinagawa ni Haring Nebucadnezar sa sandaling marinig ang tunog ng taambuli, plauta, lira, sitar, alpa, at iba pang instrumento. 6 Sinumang hindi sumunod sa utos na ito ay ihahagis agad sa naglalagablab na pugon."




Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

7 Nang marinig nga ng mga tao ang tunog ng mga instrumento, agad silang lumuhod at sumamba sa rebultong ginto na ipinagawa ni Haring Nebucadnezar.

Pinaratangan ang Tatlong Judio


8 Sinamantala ito ng ilang mga mamamayan ng Babilonia upang paratangan ang mga Judio. 9 Sinabi nila kay Haring Nebucadnezar, "Mabuhay ang mahal na hari!



Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


10 Iniutos po ninyo na lumuhod at sumamba sa inyong rebultong ginto ang sinumang makarinig sa tugtog ng mga instrumento. 11 At sinumang hindi sumunod ay ihahagis sa naglalagablab na pugon. 12 Hindi po sumusunod sa utos ninyo sina Shadrac, Meshac, at Abednego, ang mga Judiong inilagay ninyo bilang mga tagapamahala sa Babilonia. Hindi po sila naglilingkod sa inyong diyos ni sumasamba sa ipinagawa ninyong rebultong ginto."



Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

13 Nagalit si Haring Nebucadnezar nang marinig ito, at ipinatawag niya ang tatlong lalaki. **14** Sinabi niya, "Shadrac, Meshac, at Abednego, totoo bang hindi kayo naglilingkod sa aking mga diyos ni sumasamba sa rebultong ginto na aking ipinagawa? **15** Iniuutos ko sa inyong lumuhod kayo at sumamba sa ipinagawa kong rebulto sa sandaling marinig ninyo ang tunog ng mga instrumento. Kung hindi, ipahahagis ko kayo sa naglalagablab na pugon. Sa palagay ba ninyo'y may diyos na makakapagligtas sa inyo mula sa aking kapangyarihan?"



Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

16 Sinabi nina Shadrac, Meshac at Abednego, "Mahal na haring Nebucadnezar, wala po kaming masasabi sa inyo tungkol sa bagay na ito. **17** Gawin ninyo kung iyan ang gusto ninyo. Ang Diyos na aming pinaglilingkuran ang magliligtas sa amin sa naglalagablab na pugon at mula sa inyong kapangyarihan. **18** Kung hindi man niya kami iligtas, hindi pa rin kami maglilingkod sa inyong mga diyos ni sasamba sa rebultong ginto na ipinagawa ninyo."




Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

Inihagis ang Tatlong Kabataan sa Naglalagablab na Pugon

19 Namula ang mukha ni Haring Nebucadnezar sa tindi ng galit kina Shadrac, Meshac at Abednego. Kaya, iniutos niyang painitin pa ng pitong ulit ang pugon. **20** Inutusan din niya ang ilan sa mga pinakamalakas niyang kawal na gapusin sina Shadrac, Meshac at Abednego at ihagis sa naglalagablab na pugon. **21** Ginapos nga sila nang hindi na inalis ang damit, ang panloob at panlabas, turbante, at iba pang nakasuot sa kanila, at inihagis sila sa naglalagablab na apoy.




Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

22 Dahil sa mahigpit ang utos ng hari na patindihin ang init ng pugon lumabas ang apoy kaya nasunog at namatay ang mga kawal na nagdala kina Shadrac, Meshac at Abednego. **23** Samantala, nakagapos pa rin na bumagsak sa naglalagablab na apoy ang tatlong kabataan.

24 Nagtaka at biglang napatindig si Haring Nebucadnezar at itinanong sa kanyang mga tagapayo, "Hindi ba't tatlo lamang ang inihagis sa apoy?"

"Opo, kamahalan," sagot nila.




Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

25 "Bakit apat ang nakikita kong walang gapos at naglalakad sa gitna ng apoy nang hindi nasusunog? At ang tingin ko sa ikaapat ay parang anak ng mga diyos."

Pinalaya at Itinaas sa Tungkulin sina Shadrac, Meshac at Abednego

26 Lumapit si Haring Nebucadnezar sa may bunganga ng pugon. Sinabi niya, "Lumabas kayo riyan at halikayo rito, Shadrac, Meshac at Abednego, mga lingkod ng Kataas-taasang Diyos!" Lumabas nga silang tatlo mula sa pugon



Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)


27 at lumapit sa kanila ang lahat ng mga pinuno ng kaharian. Tiningnan silang mabuti ng mga ito ngunit wala man lamang nakitang bakas ng apoy sa katawan ng tatlo. Hindi nasunog ni bahagya man ang kanilang buhok at ang kanilang kasuotan. Hindi rin sila nag-amoy usok.



Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

28 Dahil dito, sinabi ng hari, "Purihin ang Diyos nina Shadrac, Meshac at Abednego! Isinugo niya ang kanyang anghel upang iligtas ang mga lingkod niyang ito na ganap na sumampalataya sa kanya. Hindi sinunod ng mga ito ang aking utos; ginusto pa nilang sila'y ihagis sa apoy kaysa sumamba sa diyus-diyosan.



Daniel 3:1-30

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

29 Kaya, ipinag-uutos ko: Sinuman mula sa alinmang lahi, bansa o wika na magsasalita laban sa Diyos nina Shadrac, Meshac at Abednego ay papatayin at ang kanilang bahay ay wawasakin. Walang ibang diyos na makakapagligtas sa tao, tulad ng ginawa ng kanilang Diyos."

30 At sina Shadrac, Meshac at Abednego ay itinaas niya sa tungkulin sa lalawigan ng Babilonia.




Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



“Matatag kong panghahawakan ang soberanya ng Diyos kahit na sa pinakamahihirap na kalagayan, na higit na natatakot sa Kanya kaysa sa tao.”

QUESTION 1


Ano ang itinayo ni Haring Nebuchadnezzar, at ano ang hinihiling niyang gawin ng kanyang mga sakop? (Daniel 3:1 at Daniel 3:4-5)



Daniel 3:1-30
PAGTUKLAS

QUESTION 2


Sino-sino ang tatlong Hudyo na sumalungat sa utos ng hari? Paano sila tumugon dito? (Daniel 3:12)



Daniel 3:1-30
PAGTUKLAS

QUESTION 3


Sa kabila ng pagbabanta na itatapon kaagad sa nagniningas na pugon, bakit nanatili ang tatlong Hudyo sa kanilang desisyon na hindi sambahin ang diyos-diyosan ni Nebuchadnezzar? Paano sila tumugon sa mga pagbabanta ng Hari? (Daniel 3:15-18)



Daniel 3:1-30
PAGTUKLAS

QUESTION 1

Ano ang kahalagahan ng pagtatayo ni Nebuchadnezzar ng gintong diyos-diyosan at ang kanyang utos na yumukod at sumamba sa gintong rebulto?




Daniel 3:1-30

PAG-UNAWA

QUESTION 2

Sa nabasang talata, pinili nina Sadrach, Mesach, at Abednego na huwag yumukod sa larawang ginto. Bagama't makatwiran ang kanilang desisyon, hindi laging madaling piliin ang Diyos sa napakahirap na sitwasyon. Ano ang maaaring pumipigil sa karamihan ng mga tao sa pagsasabuhay ng kanilang mga paniniwala?




Daniel 3:1-30

PAG-UNAWA

QUESTION 3

Ano sa palagay mo ang nangyari kung hindi iniligtas ng Diyos ang 3 Hudyo mula sa maapoy na pugon?




Daniel 3:1-30

PAG-UNAWA

QUESTION 1

Bilang isang Kristiyanong mamamayan ng isang demokratikong bansa, tayo ay pinapayuhan na magpasakop at igalang ang ating mga opisyal ng gobyerno. Paano mo ito binabalanse sa paggamit ng ating karapatang ipahayag ang ating hinaing at malayang pananalita kapag nakita mong may ginagawang mali o kawalan ng katarungan? Ano ang iyong mga iniisip tungkol sa pagsuway sa sibil, matuwid na pagkagalit at paggamit ng mapang-akit na mga panalangin para sa "masasamang pinuno?"




Daniel 3:1-30

PAGTUGON

QUESTION 2

Nakaranas na ba kayo ng sitwasyon kung saan kayo ay hiniling o hinihiling na gawin ang isang bagay na alam mong hindi luluwalhatiin ang Diyos o pipilitin kang ikompromiso ang iyong mga paniniwala? Ano ang nangyari at paano mo ito hinarap?




Daniel 3:1-30

PAGTUGON

QUESTION 3

Bilang isang grupo, hayaan ang bawat isa na pagnilayan at pag-isipan ang mga sumusunod: mga bagay na a.) ay pagiging tapat sa Diyos, at; b.) kailangang ibigay sa Diyos at maging tapat lamang sa Kanya kasama?



Daniel 3:1-30

PAGTUGON

Daniel 3:1-30

Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON



Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



“Matatag kong panghahawakan ang soberanya ng Diyos kahit na sa pinakamahihirap na kalagayan, na higit na natatakot sa Kanya kaysa sa tao.”

Small Group Sessions

PANGWAKAS NA

PANALANGIN



Discover • Understand • Apply

BIBLE STUDY

Daniel 3:1-30

SMALL GROUP SESSIONS
SEE YOU NEXT WEEK!





KBCF

 kbcf.org.ph  [KBCFofficial](#)  [KBCFamily](#)  kbcf.office@gmail.com  [0917-886-6650](tel:0917-886-6650)  [8927-7420](tel:8927-7420) | [8928-6584](tel:8928-6584)